ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

PAGLINANG NG ANTAS NG KAKAYAHAN SA PAG-UNAWA SA BINASA NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 10 GAMIT ANG FIL10 APP

Adela P. Sacay[1], Niña Kristine C. Jazmines[2]
[1]*Filipino Department, Pag-asa National High School, Dasmariñas City, Cavite*
[2]*National Teachers College, Graduate School of Teacher Education, Quiapo, Manila*

ABSTRACT

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong malinang ang antas ng kakayahan sa pagbasa ang mga mag-aaral sa Baitang 10 ng Pag-asa National High School sa Taong Panuruan 2024-2025 gamit ang Fil10 App. Ginamit ang Purposive Sampling Technique sa pagpili ng kalahok. Gumamit ng disenyong Quasi-Eksperimental at metodong kwalitatibo-kwantitatibo. Ginamit na instrumento resulta ng pre at post test, sarbey-kwestyuneyr at interbyu. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng istadistikang Mean, Standard Deviation, Wilcoxon-Test at Kolmogrov-Smirnov Test .

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, tumaas ang iskor ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit gamit ang Fil10 App. May makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kakayahan bago at pakatapos gamitin ang interbensyon kaya masasabing ito ay epektibo. Mula sa lumabas na resulta ng pag-aaral ay nagkaroon ng mungkahing programa sa pagbasa, ang Project PRIDE o Pag-asa Reading Intervention through Digital Literacy.

Ang pag-aaral na ito ay nagpapatunay na mabisa ang ginamit na interbensyon. Kaya inirerekomenda na patuloy na gumawa ng mga programa sa pagbasa na lilinang sa kakayahang panlitersi ng mga mag-aaral, pagsasanay sa mga guro sa pagbuo ng materyal sa pagbasa na aangkop sa ika-21ng kasanayan.

SUSING SALITA: *Pagbasa, paglinang, antas ng kakayahan sa pagbasa, Fil10 App, literasi, paunang pagsusulit, panapos na pagsusulit*

A. PANIMULA

Pagbasa ang pangunahing salik upang magkaroon ng kaalaman. Ito ang pinakamahalagang pundasyon ng pagkatuto na kinakailangang malinang ng bawat pilipinong mag-aaral. Ang pagbabasa ay pangunahing kasanayan sa wika na dapat pinagkadalubhasaan ng mga mag-aaral (Quinto at Abagon, 2021). Sa pagbabasa nagagawang maipahayag ang mga ideya, kaisipan, mga saloobin at napapalawak nito ang pananaw ng isang tao. Ang mga nakukuhang ideya, kaalaman at mga impormasyong mula sa pagbabasa ay mahalagang kasangkapan sa araw-araw na pakikipagdiskurso. Ito ay isang paraan upang maging ganap ang pakikipagtalastasan ng bawat isa.

Ayon kay Tajinan & Tajinan, (2023), isa sa pinakamahalagang kasanayan ang pagbasa dahil ito ang pundasyon sa pagtatamo ng karunungan at pag-unawa sa ano mang asignatura. Mula sa tahanan, sinisimulan itong ituro ng mga magulang, mula sa tunog at pagkilala ng mga letra, na nililinang naman ng mga guro sa pagpasok ng mga bata sa paaralan sa pamamagitan ng iba't ibang asignaturang itinuturo sa loob ng silid-aralan sa araw-araw, at naisasagawa ito sa pamamagitan ng pagkilala ng mga salita at pag-unawa sa binabasa sa bawat araling itinuturo ng guro.

Ngunit sa kabila ng pagsisikap ng ilang mga magulang at guro, pangunahing suliranin pa rin ang pagbasa sa ating bansa. Ang mababang *literacy rate* ay isa sa mga suliraning pang-edukasyon sa kasalukuyan sa antas primarya at sekundarya.

Sa isinagawang pagtataya ng (PISA) o Program for International Student Assessment noong 2022, ang Pilipinas ay nasa rank 76 o pang pitumpu't anim sa 81 o walumpu't isang bansang lumahok (Bulgar Online). Nakababahala ng resultang ito sa kalagayang pang-edukasyon ng bansa. Dagdag pa rito ang resulta ng 2024 *Functional Literacy Education and Mass media* (FLEMMS) na kung saan 18.96 milyong mga pilipino ay nananatiling *functionally illiterate*. Binigyang diin ni Gatchalian, ang pangulo ng *Senate Committee on Basic Education* sa Filipino na "ang pagbabasa ay isa sa mga pundasyon na dapat palakasin sa ating mga kabataan at mga mag-aaral. Kaya sa isang pagdinig, hinimok niya ang Kagawaran ng Edukasyon , *Department of Social Welfare and Development* na tiyaking napapatupad ang *Basic Education Literacy Programs.*

Dala ng modernisasyon nawawala na ang dating mga babasahin tulad na pocketbooks at ito ay nahalinhan na ng wattpad na siyang kinagigiliwang basahin lalo na ng mga kabataan. Mahalagang maiangkop sa kawilihan ng mag-aaral sa kasalukuyang panahon ang pagkatuto at pag-unawa sa binasa. Hangad ng bawat isa ang kalidad na edukasyon kaya't dapat matiyak na handa ang mga guro at ang kagamitang pampagtuturo na gagamitin . Nararapat na napapanahon ito at sumabay sa pag-usbong ng makabagong teknolohiya. Kaya ngayong panahon ng ika-21ng siglo, dapat ay maging inobatibo ang mga guro sa paraan ng paghahatid ng pagkatuto sa mga mag-aaral lalo na sa pagbabasa gayong ito ay isa sa malaking suliranin sa edukasyon sa kasalukuyan. .Sa pag-unlad ng teknolohiya mahalagang ang digital literasi ay malinang ng mga guro at mag-aaral upang makaagapay sa pagbabagong hatid ng digital na mundo.Ito ay nakabatay sa layunin ng kasalukuyang kurikulum sa Filipino na ang pangunahing layunin ay ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki-pakinabang na literasi

Sa kabila ng mga isinagawang programa sa bawat paaralan, hindi pa rin nalulutas ang suliranin sa mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Kaya patuloy sa pagsasagawa ng pananaliksik ang mga dalubhasa at mga guro kung papaano matugunan ang suliraning ito ng bansa may kinalaman sa pagbasa.

Ang mga mag-aaral ng Pag-asa National High School na nasa Baitang 10 ay isa sa nakinabang sa proyekto ng lokal na pamahalaan at nabiyayaan ng tig-isang tablet na maaaring magamit ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. At upang maging kasiya-siya ang pagbabasa ay lumikha ang mananaliksik ng isang *mobile learning application*, ang Fil10 App na naglalaman ng mga tekstong babasahin at *quiz game*. Ang aplikasyong ito ay naipapasa sa tablet o cellphone ng mga mag-aaral. Isang app na naglalaman ng mga babasahin sa Filipino na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ibinatay sa kung anong *genre* ang tinatalakay sa bawat linggo. Naglalaman din ito ng palarong pagsusulit na sasagutin ng mga mag-aaral pagkatapos basahin ang bawat teksto. Binubuo ito ng lima hanggang sampung tanong na may kaugnayan sa tekstong kanilang binasa. Sa bawat wastong sagot ay may maririning na audio na nagsasabing tama ang sagot at mali naman kung di wasto ang naisagot na kasabay ng paglabas ng tsek kung tama at ekis naman kung ito ay mali. Makikita ang iskor matapos sagutan ang limang tanong .

Ang *mobile learning application* na ito ay binuo ng mananaliksik na maaring idownload ng mga mag-aaral at maaaring maipasa sa pamamagitan ng QR code, “bluetooth” at “share it”. Kapag naidownload na ay maari na nilang mabuksan , mababasa at masasagutan ang mga tanong sa pag-unawa sa binasa kahit offline o walang internet.

Sa kasalukuyan ay limitado ang pag-aaral may kinalaman sa paggawa ng app bilang kagamitang panturo sa pagbasa sa Filipino. Ito ang nag-udyok sa mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral na ito. Nakita ng mananaliksik na taun-taon nang suliranin ang mababang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral at naniniwala ang mananaliksik na matutugunan ang suliraning ito sa pamamagitan ng isasagawang pag-aaral.

INSTRUMENTO AT METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Nilalayon ng pananaliksik na ito na matugunan ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral bago gamitin ang Fil10 App?
2. Ano ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang Fil10 App?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Fil10 App?
4. Ano ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 gamit ang app may kaugnayan :
   - 4.1. sa implementasyon ng app
   - 4.2. sa nilalaman ng app
   - 4.3. sa disenyo ng app
   - 4.4. sa teknikal na aspeto ng app
5. Ano ang kalakasan at kahinaan ng interbensyong Fil10 App?
6. Ano ang mungkahing programa na magtatampok sa paggamit ng Fil10 App?

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagpapaunlad ng antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral sa Baitang 10 ng Pag-asa National High School ang siyang pangunahing pagkukunan ng mga impormasyon sa pananaliksik na ito. Sila ang magiging kalahok sa pag-aaral.Nilimitahan ang pag-aaral na ito sa mga mag-aaral na nasa antas mababa ang kakayahan sa pagbasa dahil sila ang mas nangangailangan ng pagtutok nang sa gayon ay maiangat ang kanilang antas ng kakayahan sa pagbasa sa mataas na antas.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *quasi-experimental* na disenyo ng pananaliksik. Ang isang quasi-experimental na disenyo ay ilalapat upang malaman kung epektibo ba ang interbensyong ginamit at kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Fil10 app. Kinuha ang iskor ng mga mag-aaral sa isinagawang pauna at panapos na pagsusulit upang mataya ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Gumamit din ng metodong kwantitatibo-kwalitatibo upang masuri ang mga datos na nakuha mula sa pauna at panapos na pagsusulit ang naging batayan kung epektibo ba ang Fil10 App. Tinaya din ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral batay sa implementasyon ng Fil10 App, nilalaman ng app at teknikal na aspeto ng app sa pamamagitan ng pagsagot ng sarbey-kwestyuneyr. Nagsagawa din ng interbyu sa ilang mag-aaral, guro at sa lumikha ng app upang malaman ang kahinaan at kalakasan ng Fil10 app. Bumuo ang mananaliksik ng isang programa sa pagbasa para sa Fil10 App, ang Project PRIDE o *Pag-asa Reading Intervention through Digital Engagement* na naglalayong mapataas ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang mga digital na mga kagamitan sa pagkatuto.

Dagdag pa nito, ang pananaliksik ay gumamit ng dalawang instrumento ang *adopted standardized tool* sa pagtaya sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa-Ang (Phil-IRI) o *Philippine Informal Reading Inventory* na isang *institutionalized tool* na ginagamit ng DepEd upang sukatin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa sa Filipino sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pretest at post test

Panghuli, Sa Istatistikal na tritment ng mga datos, kinuha ng mananaliksik ang *weighted mean* at *SD o Standard Deviation* batay sa resulta ng isinagawang pauna at pahuling pagsusulit (Pretest at Posttest). Mula dito ay gumamit ng *Wilcoxon signed rank test* sa pamamagitan ng *Kolmogorov-Smirnov test* upang tayain kung may makabuluhan bang pagkakaiba sa resulta ng pauna at pahuling pagsusulit bago at pagkatapos gamitin ang *App.* Ang *Wilcoxon signed rank test* ay isang *non-parametric statistical test* na ginamit para magkumpara ng datos na nakuha sa dalawang pagsusulit. Ipinapakita nito kung may makabuluhan bang pagkakaiba sa dalawang iskor ng mga mag-aaral. Ito ay ginamit bilang *alternative* sa *t-test* dahil hindi *normally distributed* ang datos. Ginamit ang *Kolmogorov-Smirnov test* upang ihambing ang dalawang distribusyon upang matukoy kung sila ay naghihilahan mula sa parehong pinagbabatayan na distribusyon.

KINALABASAN AT PAGTALAKAY

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng resulta at kinalabasan ng pag-aaral na ginawa batay sa nakokolektang datos sa pamamagitan ng talahanayan. Inilahad at sinuri ang mga datos upang mailarawan ang pagbabago sa antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Ipinaliliwanag din ang interpretasyon at implikasyon ng resulta. Makikita rin sa bahaging ito ang kasagutan sa mga tanong sa inilahad na suliranin ng pag-aaral at ang paghahambing ng resulta sa mga kaugnay na pag-aaral.

Tinukoy ang antas ng kakayahan sa pagbasa bago at pagakatapos gamitin ang Fil10 App. Sinuri kung may makabuluhang pagkakaiba batay sa resulta ng pauna at panapos na pagsusulit. Tinaya ng mga mag-aaral ang Fil10 App batay sa apat na kategorya, Ang kaugnayan ng kakayahan ng pag-unawa sa bina batay sa implementasyon ng Fil10 App, nilalaman, disenyo at teknikal na aspeto ng App.

Nilahad din ang kalakasan at kahinaan ng App at ang mungkahing programa sa pagbasa para sa aplikasyong Fil10.

Narito ang mga talahanayan na nagpapakita ng resulta ng *mean, standard deviation* at deskripsyon batay sa sagot ng mga mag-aaral.

1. Kakayahan sa Pag-unawa sa Binasa Bago Gamitin ang Fil10 App

Tinaya ang kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral bago gamitin ang app upang matukoy ang lebel ng pag-unawa sa binasa at narito ang naging resulta.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 1-Resulta ng Paunang Pagsusulit (Pretest)

Uri ng Tanong	N	Paunang Pagsusulit (Pretest)	
		Mean	SD
Literal	30	5.20	.76
Paghihinuha	30	3.67	.80
Kritikal	30	2.43	.63
Kabuuan		11.30	1.51

Ipinakikita sa talahanayan 1 ang resulta ng paunang pagsusulit batay sa uri ng tanong, ang literal , paghihinuha at kritikal . Ito ang antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral bago gamitin ang Fil10. Sa tanong na literal mayroon itong mean score na 5.20 sa paunang pagsusulit at standard deviation na .76. Nangangahulugang napakababa ng iskor ng mga mag-aaral sa mga tanong na may direktang kahulugan .Sa paghihinuha naman, makikitang may itong mean score na 3.67 at standard deviation na .80. Bagamat mas mataas ito sa literal ngunit mababa pa rin ang katumbas na deskripsyon nito. Ibig sabihin , nahihirapan ang mga mag-aaral na magbigay ang kanilang sariling opinyon , haka-haka o palagay. Lalong mas mababa ang kasanayan ng mga mag-aaral kapag ang tanong ay nangangailangan ng malalim na kaisipan, Lumabas na may mean score itong 2.43 at standard deviation na .63. Mababa ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral may kinalaman sa mga tanong na may malalalim na pahiwatig.

Sa kabuuan mayroon itong mean score na 11.30 at standard deviation na 1.51 . Ang resultang ito ay nagpapakita ng mababang antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa. Mapapansing pasok ito sa iskalang labing-apat pababa na may katumbas na deskrippsyon na mababa. Ito ay nangangahulugan na nangangailangan ng interbensyon sa pagbasa. Ang interbensyon ay isang paraan na sadyang dinisenyo upang matulungan ang mga mag-aaral na mabagal magbasa o nahihirapang unawain ang binabasa. Isinasagawa ito upang matugunan ang tiyak na pangangailangan at lalo pang umunlad at maging mahusay ang kanilang kasanayan sa pagbasa.

2.Kakayahan sa Pag-unawa sa Binasa Pagkatapos Gamitin ang Fil10 App

Tinaya ang kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang app upang malaman kung ito may pag-unlad.

Talahanayan 2-Resulta ng Panapos na Pagsusulit (Post Test)

Uri ng Tanong	N	Pahuling Pagsusulit (Posttest)	
		Mean	**SD**
Literal	30	12.03	1.10
Paghihinuha	30	10.33	.96
Kritikal	30	6.17	.70
Kabuuan		28.53	1.94

Ipinakikita sa talahanayan 2, ang resulta ng panapos na pagsusulit batay sa tatllong uri ng tanong. Sa tanong na literal mayroon itong mean score na 12.03 at standard deviation na 1.10 sa pahuling pagsusulit. Mapapansing sa tatlong uri ng tanong mas mataas ang iskor ng mga mag-aaral sa literal. Nangangahulugan itong mas madali nilang nauunawaan ang mga tanong na may direktang pagpapakahulugan ang mga salita o pahayag. Pangalawa sa ranggo ang paghihinuha na may mean score na 10.33 at standard deviation na .96. Ang paghihinuha ay ang pagbibigay ng sariling haka-haka o palagay may kinalaman sa isang bagay, pangyayari o sitwasyon. Nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may mababang antas sa uri ng tanong na ito dahil bagamat umangat , hindi ito gaanong mataas. Pinakamababa ang uri ng pagsusulit na kritikal, mayroon itong mean score na 6.17 at standard deviation na .70. Nagpapahiwatig ito na mas nahihirapang sumagot ang mga mag-aaral sa mga tanong na nangangailangan ng mapanuring pag-iisip. Kalakip dito ang paglilinaw ng katanungan, katanungan tungol sa layunin, pagpapalagay, katanungan sa Ebidensya , tungkol sa perspektibo at konsepto.

Sa kabuuan mayroon itong mean na 28.53 sa pahuling pagsusulit at standard deviation na 1.94 sa pahuling pagsusulit. Nagpapatunay ito na may pag-angat sa iskor ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit. Mapapansing mula sa 11.30 sa pretest ay umangat ang lebel ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa 28.30, tumaas ito ng 17.2 At mula sa standard deviation na 1.51 umangat ito ng .43 puntos na may 1.94 na standard deviation sa posttest. Ang malinaw na pag-angat ng resulta ay indikasyon na epektibo ang paggamit ng Fil10 App bilang interbensyon sa paglinang ng antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ayon kay Petilo & Saenz, (2024), Bagaman hindi gaanong mataas ang pag-angat na ito ngunit ito ay nagpapahiwatig ng malaking pag-unlad sa kasanayan sa pagbabasa. Maiuugnay dito pagsusuri na ginawa ng (OECD) o *Organization for Economic Co-cooperation and Development*, hindi kalakihan ang itinaas na iskor ng mga mag-aaral na Pilipino pagdating sa literasi sa pagbasa noong 2018 na nasa 340, umakyat sa 347 noong 2022. Mapapansing 7 lamang ang naidagdag kaya't patuloy na isinusulong ang Republic Act No. 11713 o *Excellence in Teacher Education Act* na naglalayong maiangat ang kalagayan ng edukasyon at patuloy na pagsasanay ng mga guro sa bansa may kaugnayan sa pagpapaunlad ng sistemnag pang-edukasyon (Pinoy Peryodiko, Disyembre 19, 2023) Sa katulad na paraan, maaring sanayin ang mga guro na bumuo ng mga kagamitan sa pagbasa na makatutugon sa kakulanganng kagamitan para mapaangat ang literasi sa pagbasa katulad ng Fil10 app.

3.Makabuluhang Pagkakaiba ng Pretest at Posttest

Upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Fil10 App kinompyut ang z value ng pares ng baryabol batay sa uri ng pagsusulit na literal, paghihinuha at kritikal pauna at pahuling pagsusulit. Narito ang distribusyon ng mga datos.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 3- Distribusyon ng datos batay sa pares ng baryabol

Pares ng Baryabol	Z value	Sig. value	Interpretasyon
Posttest_Literal – Pretest_Literal	-4.81	.000	Makabuluhan
Posttest_Paghihinuha Pretest_Paghihinuha	-4.84	.000	Makabuluhan
Posttest_Kritikal Pretest_Kritikal	-4.85	.000	Makabuluhan
Posttest_Pangkabuuan Pretest_Pangkabuuan	-4.79	.000	Makabuluhan

á=0.05 level of significance

Parehong resulta ang natuklasan sa isinagawang *Comprehensive Rapid Literacy Assessment* (CLRA) batay sa DepED order no.009, s.2024, na nagpapakita ng makabuluhang positibong epekto sa mga kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Pagkatapos ng interbensyong CRLA ay humantong sa markadong pagpapabuti sa mga kakayahan ng mga mag-aaral sa babasahin at maunawaan ang mga teksto nang epektibo.

Ipinakikita sa talahanayan ang makabuluhang pagkakaiba ng pre test at postest batay sa pares ng baryabol, ang makabuluhang pagkakaiba ng resulta ng pauna at panapos na pagsusulit batay sa uri ng pagsusulit na literal, paghihinuha at kritikal. Ginamit ang *Wilcoxon signed rank test* o Wilcoxon-test sa halip na t-test para sa mga paired sample dahil ang datos ay hindi normally distributed. Ito ay isang alternatibo sa t-test na ginagamit kapag ang datos ay hindi normally distributed sa pagkukumpara ng dalawang magkaugnay na sampol. Gumamit ng Kolmogorov-Smirnov test na nagbunga ng makabuluhang resulta . Ginamit ang ($p<0.05$) bilang batayan sa pagtukoy ng level of significance. Ang Kolmogrov-Smirmov test ay isang statistical test na ginagamit upang masuri kung ang isang data set ay galing sa isang normal distribution.

Batay sa inilalahad ng talahanayan gamit ang Wilcoxon signed ranks test, lumalabas na may makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Fil10 App. Kung titingnan ang mean, makikitang lahat ng pahuling pagsusulit ay mas mataas kaysa sa mga marka sa paunang pagsusulit sa lahat ng dimensyon kabilang ang pangkalahatan. Nagpapatunay lamang ito na ang Fil10 App ay epektibo. Makikitang nagkaroon ng z-value na -4.81 sa literal na uri ng mga tanong. Ito ay may sig. value na .000 at may interpretasyong mas mababa (<) kaysa sa level of significance na 0.05. Patunay ito na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa binasa bago at pagkatapos gamitin ang app.

Sa uring paghihinuha mayroon itong z-value na -4.84 may makabuluhang katumbas na .000 na mas mababa sa level of significance na o.05 na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa uri ng mga tanong na paghihinuha.

Sa uri ng tanong na kritikal mayroon itong z-value na -4.85 at significant value na 0.000 na mas mababa sa level of significance na 0.05.Nangangahulugan ito na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aral sa ktitikal na uri ng pagsusulit bago at pagkatapos gamitin ang Fil10 App.

Sa kabuuan, lumabas na may nakompyut na z-value na 4.79 at significant value na 0.000 sa lahat ng uri ng pagsusulit sa pretest at post test. Ito ay mas mababa (<) sa alpha level of significance 0.05, ang walang bisang pala-palagay ay di tanggap at nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa baitang 10 bago at pagkatapos gamitin ang Fil0 App.

Ang natuklasang ito ay katulad ng natuklasan sa pag-aaral na ginawa ni ni Nonggod (2021) na kung saan napatunayan na may malaking naidudulot sa kakayahan ng mga mag-aaral ang paggamit ng Basa-pang-unawa App bilang interbensyon upang mapataas ang komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ito rin ay may makaguluhang epekto sa pagkatuto upang mapataas ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Maiuugnay din ang pag-aaral na ginawa nina Kalyan, et al.(2023) na natuklasang epektibo ang mga mobile application sa pagkuha ng mga kasanayan sa pagbabasa at ang guro, bilang isang tagapamahala sa isang silid-aralan ay kailangang maging bukas ang isipan upang hikayatin ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga mobile device at language learning apps.
Kaya bilang mga guro ng ika-21ng siglo patuloy pa tayong tumuklas ng mga estratehiya upang lalo pang mapahusay at mapataas ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

4.Pagtataya sa Implementasyon, Nilalaman, Disenyo at Teknikal na Aspeto ng App

Ipapakita sa bahaging ito ang resulta ng pagtataya sa pagtatataya sa Implementasyon ng Fil10 App sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral , Pagtataya sa nilalaman, pagtataya sa disenyo at pagtataya sa teknikal na aspeto ng app kaugnay sa paglinang ng kakayahan sap ag-unawa sa binasa gamit ang Fil10 App.

Talahanayan 4- Pagtataya sa Implementasyon ng App sa paglinang ng Pag-unawa sa Binasa

Indikeytor	Mean	Standard Deviation	Interpretasyon
1. Madaling naunawaan ang teksto dahil sa aspetong teknikal ng *app*	4.30	.54	Lubos na Epektibo
2. Nakatulong ang *app* sa mabilis na pag-unawa ng mga tanong	4.33	.71	Lubos na Epektibo

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

3. Maayos ang pagkakasunod-sunod ng bawat bahagi ng aralin kaya madaling naunawaan ang nilalaman ng teksto	4.33	.66	Lubos na Epektibo
4. Magiging madali ang pag-unawa sa nilalaman ng teksto dahil sa mga *features* ng *app*	4.33	.71	Lubos na Epektibo
5.Nagiging komportable ang pagbabasa dahil nasa *cellphone o tablet* na ang mga teksto	4.63	.62	Napakaepektibo
6. Ganap na naunawaan ang binasa dahil sa ginamit na mga larawan	4.40	.50	Lubos na Epektibo
7. Nakatulong ang mga disenyong ginamit upang ganap na maunawaan ang binasa	4.10	.71	Lubos na Epektibo
8. Ang mga logong ginamit ay nakadagdag ng motibasyon sa pagbabasa at pag-unawa nang lubusan	4.50	.57	Napakaepektibo
9. Malinaw ang paggamit ng mga terminolohiya na nakatulong sa ganap na pagkaunawa sa binasa	4.30	.65	Lubos na Epektibo
10. Organisado ang pagkakahanay ng mga teksto sa bawat aralin	4.23	.63	Lubos na Epektibo
Kabuoan	4.35	.33	Lubos na Epektibo

Ipinakikita sa talahanayang ito ang pagtataya sa pag-unawa sa binasa gamit ang App. Nasa unang ranggo ang nagiging komportable ang pagbabasa dahil nasa *cellphone o tablet* na ang mga teksto. Ito ay may mean na 4.63 at may standard deviation na .62 nangangahulugan lamang ito na napatunayan sa pag-aaral na napakaepektibo ng paggamit ng cellphone o tablet at nagbibigay ito sa mga mag-aaral ng komportableng pagbabasa. Pangalawa sa ranggo ang nakadagdag ng motibasyon sa pagbabasa at pag-unawa nang lubusan and logong ginamit sa App na may mean na 4.50 at standard deviation na .57 na may katumbas na interpretasyong napakaepektibo. Pangatlo ang ganap na naunawaan ang binasa dahil sa ginamit na mga larawan na may mean na 4.40 at stard deviation na .50 Mahalagang ang mga mag-aaral ay mabigyan ng komportableng kapaligiran upang madali nilang mauunawaan ang kanilang binabasa. Masasabing angkop dito ang natuklasan sa pag-aaral nina Canales, et.al 2024 na ang mga mag-aaral ay magiging komportable at mas magkakaroon ng magandang karanasan sa kanilang pag-aaral kung ang kanilang silid-aralan ay may maayos na kundisyon na makakatulong sa kanilang pag-aaral.

Panghuli naman sa ranggo ang nakatulong ang mga disenyong ginamit upang ganap na maunawaan ang binasa na may mean na 4.10 at may standard deviation na .71. Ito ay may katumbas na lubos na epektibo. Pangalawa sa huli ay indikeytor na organisado ang pagkakahanay ng mga teksto sa bawat aralin na may mean na 4.23 at standard deviation na.63 na may katumbas na interpretasyon na lubos na epektibo. Pangatlo ay ang madaling naunawaan ang teksto dahil sa aspetong teknikal ng app na may mean na 4.30 at standard deviation na .54 at may katumbas na lubos na epektibo. Ito ay napgpapakita ito na epektibo pa rin ang disenyong ginamit sa app sa ganap na pag-unawa ng mga mag-aaral ng kanilang binabasa.

Sa kabuoan ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na lubos na epektibo ang Fil10 App upang malinang ang komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ito ay pinatunayan ng kabuuang mean na 4.35 at standard deviation na .33 na may katumbas na interpretasyon na lubos na epektibo.

Mahalagang tutukan ng guro ang pagbabasa lalo't kulelat ang ranggo ng Pilipinas may kinalaman sa literasi. Kinakailangang makabuo ang guro ng angkop na estratehiyang pupukaw sa interes ng mga mag-aaral. Ayon nga sa binanggit ni Monahoran (2023), ang mga mag-aaral ay nakinabang mula sa mas mahusay na mga kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa bilang resulta ng paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa. Maiugnay din dito ang binanggit ni Backfish, et. Al (2021), na ang pagganyak ng mga guro at ang halaga ng teknolohiya sa edukasyon ay may malaking epekto sa pasasama ng teknolohiya sa pagtuturo.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 5- Pagtataya sa Nilalaman ng App

Indikeytor	Mean	Standard Deviation	Interpretasyon
1. Ang mga tekstong ginamit ay angkop upang malinang ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral	4.37	.490	Lubos na Epektibo
2. Organisado at lohikal ang nilalaman ng mga teksto at katanungan	4.48	.68	Lubos na epektibo
3. Ang mga naihandang katanungan ay malinaw na nakabatay sa tekstong binasa	4.53	.51	Napakaepektibo
4. Madaling nauunawaan ang mga nilalaman ng teksto	4.50	.51	Napakaepektibo
5. Malinaw at madaling nababasa ang mga salita	4.63	.49	Napakaepektibo
6.Malinaw na nailahad ang mga panuto sa mga katanungan	4.47	.57	Lubos na Epektibo
7.Nakapanghahamon ang pagsagot ng mga tanong	4.23	.73	Lubos na Epektibo
8. Madaling mabatid ang kasagutan sa bawat tanong	4.47	.51	Lubos na Epektibo
9. Nalilinang ang mabilis na pag-iisip dahil sa mga nakalahad na *clues*	4.37	.56	Lubos na Epektibo
10. Ang nilalaman nito ay nakabatay sa kasalukuyang kurikulum	4.25	.73	Lubos na Epektibo
Kabuoan	4.43	.22	Lubos na Epektibo

Ipinakikita sa talahanayang ito ang pagtataya sa nilalaman ng App. Batay sa ipinakitang resulta, nangunguna sa ranggo ang indikeytor na malinaw at madaling nababasa ang mga salita at may standard deviation na 4.63 at standard deviation .49 nangangahulugan lamang ito na napakaepektibo ng App dahil naging malinaw at madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga salitang ginamit. Pangalawa sa ranggo ang mga naihandang katanungan ay malinaw na nakabatay sa tekstong binasa na may mean na 4.53 at standard deviation na .51. Ito ay ma katumabas na interpretasyon na lubos na epektibo. Sa paghahatid ng mga aralin sa mga mag-aaral mahalagang malinaw at nababasa ang mga salita upang magkaroon ng ganap na pag-unawa sa tekstong binabasa.

Panghuli naman sa ranggo ang indikeytor na nakapanghahamon ang pagsagot ng mga tanong na may mean na 4.23 at may standard deviation na .73. Ito ay may katumbas na lubos na epektibo. Pangalawa sa huli ay ang nilalaman nito ay nakabatay sa kasalukuyang kurikulum na mean na 4.25 at standard deviation na .73. Pangatlo sa huling ranggo ang mga tekstong ginamit ay angkop upang malinang ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral ma mean na 4.43 at standard deviation na .49. Nangangahulugang ang mga katanungang inihanda sa ginawang app ay nakapanghahamon sa mga mag-aaral. Sa pagbuo ng mga tanong mahalagang malinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral

Sa kabuoan ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa kabisaan ng nilalaman ng Fil10 App. Ito ay pinatunayan ng kabuuang mean na 4.43 at standard deviation na .22 na may katumbas na deskripsyon na sumasang-ayon. Nangangahulugang lubos na epektibo ang mga indikeytor na nakasaad may kinalaman sa nilalaman ng aplikasyon. Sa pagbuo ng materyales sa paghahatid ng pagkatuto, pinakamahalaga sa lahat ang nilalaman. Dito nakasalalay ang babasahin ng mga mag-aaral kaya dapat ay angkop ang nilalaman nito ayon sa antas ng kanilang kakayahan. Pinatunayan ito ng pag-aaral na ginawa ni Roque et. Al.(2023), isang mahalagang pagsasaalang-alang sa pagtuturo ay ang pagbibigay-diin sa uri ng materyal na gagamitin sa pagbasa at ang pagbibigay ng gawaing nagtataguyod ng pagpapataas ng interes at motibasyon ng mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 6- Pagtataya sa disenyong ginamit sa App

Indikeytor	Mean	Standard Deviation	Interpretasyon
1.Gumamit ng orihinal at angkop na disenyo	4.40	.56	Lubos na Epektibo
2.Mapapansin ang pagkamalikhain ng *app*	4.87	.35	Napakaepektibo
3. Angkop ang istilo ng *font* na ginamit sa bawat bahagi ng app	4.60	.50	Napakaepektibo
4. Ang laki ng mga letra ay sapat upang ganap na maunawaan ang mga teksto at katanungan	4.37	.67	Lubos na Epektibo
5.Malinaw na nababasa ang mga salita dahil sa angkop na kulay na ginamit sa bawat bahagi	4.33	.61	Lubos na Epektibo
6.Angkop ang *banner* at logong ginamit sa app	4.40	.68	Lubos na Epektibo
7.Sapat ang laki ng espasyo sa bawat bahagi	4.33	.66	Lubos na Epektibo
*8.*Maayos at magkakasunod ang bawat bahagi nito	4.57	.57	Napakaepektibo
9.Madaling nauunawaan ang tekstong binasa dahil sa malinaw na *graphics*	4.47	.51	Lubos na Epektibo
10. Nakatulong ang kabuoang disenyo ng app sa ganap na pagkaunawa sa nilalaman ng tekstong binasa.	4.43	.63	Lubos na Epektibo
Kabuoan	4.48	.26	Lubos na Epektibo

Ipinakikita sa talahanayang ito ang pagtataya sa disenyong ginamit sa app. Batay sa ipinakitang resulta nangunguna sa ranggo ang indikeytor 2, mapapansin ang pagkamalikhain ng App na may mean score na 4.87 at standard deviation na .35 ang indikeytor na ito ay lubos na sinasang-ayunan ng mga mag-aaral na nangangahulugang napakaepektibo ng app dahil sa pagtataglay nito ng pagkamalikhain. Ang pagiging malikhain sa kagamitang pampagtuturo ay natutulong upang ang mga mag-aaral ay magakaroon ng motibasyon at interes sa pagbabasa. Isa itong dapat bigyang-pansin ng guro.Pangalawa sa ranggo ang sapat ang laki ng espasyo sa bawat bahagi na may mean na 4.60 at standard deviation na .50 at may katumbas na interpretasyo na napakaepektibo. Pangatlo sa ranggo ang maayos at magkakasunod ang bawat bahagi nito na ipinakita ng mean na 4.57 at standard deviation na .57 na may katumbas na interpretasyon na napakaepektibo.

Nasa huling ranggo naman ang indikeytor 5, ang malinaw na nababasa ang mga salita dahil sa angkop na kulay na ginamit sa bawat bahagi , gayundin ang indikeytor 7, ang sapat ang laki ng espasyo sa bawat bahagi na sinasang-ayunan ng mga mag-aaral at may interpretasyon na lubos na epektibo.Ang paggamit ng malinaw at angkop na kulay sa mga material ay lubhang may malaking kontribusyon sag ana na pa-unawa ng mga mag-aaral sa binasa .Mahalaga rin maikonsidera sa espasyo sa bawat bahagi upang magaroon ng kalinawan at pantay-pantay na espasyo ng bawat bahagi ng sa gayon ay mababasa ito nang malinaw ng mga mag-aaral.

Sa kabuoan ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa kabisaan ng disenyo ng Fil10 App. Ito ay pinatunayan ng kabuuang mean na 4.48 at standard deviation na .26 na may katumbas na deskripsyon na lubos na sumasang-ayon. Ito ay may interpretasyon na lubos na epektibo .Nagpapatunay ito nakatutulong ang disenyo ng app upang ganap na nauuwanan ang nilalaman ng tekstong binasa.Binangit ni Bandli (2020) sa kanyang pag-aaral na dapat gumamit ng kaisahan , proporsyon, pattern, emphasis, kontras at balance sa pagdidisenyo at pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo na makalilinang sa pagkatuto. Mahihinuhang malaki ang naging gampanin ng disenyo sa pagkakaroon ng halina sa mambabasa sa paggamit ng materyal. Nakadadagdag ito ng motibasyon at interes at naging kaakit-akit ang mga kagamitang pampagtuturo.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 7- Pagtataya sa Teknikal na Aspeto ng App

Indikeytor	Mean	Standard Deviation	Interpretasyon
1. Madali itong i-download sa mga cellphone o tablet	4.43	.50	Lubos na epektibo
2. Madaling buksan at i-browse ang app sa *cellphone* o *tablet*	4.83	.38	Napakaepektibo
3. Hindi na kailangang mag*load* o magkaroon ng *internet connection* para magamit ito	4.67	.48	Napakaepektibo
4.Madali itong i-install sa *cellphone* o *tablet*	4.53	.51	Napakaepektibo
5. Nakakapukaw ng interes ang teknikal na aspeto nito	4.53	.68	Napakaepektibo
6.Angkop ang mga tunog na ginamit sa bawat tama o maling kasagutan	4.23	.68	Lubos na Epektibo
7.Angkop ang *application* sa anumang antas ng mag-aaral	4.37	.67	Lubos na Epektibo
8. Gumagana ang lahat ng mga bahagi ng *app*	4.47	.51	Lubos na Epektibo
9.Maayos at malinaw ang mga tunog na ginamit	4.30	.60	Lubos na Epektibo
10.Madaling nagagamit ang *app* sa mahusay na pag-unawa ng mga tanong	4.43	.50	Lubos na Epektibo
Kabuoan	4.48	.20	Lubos na Epektibo
Pangkalahatang Mean	4.44	.22	Lubos na Epektibo

Ipinakikita sa talahanayang ito ang pagtataya sa teknikal na aspeto ng app. Batay sa ipinakitang resulta, nangunguna sa ranggo ang indikeytor 2 na madaling buksan at i-browse ang app sa *cellphone* o *tablet na may* mean score na 4.83 at standard deviation na .379. Ito ay may katumbas na deskripsyong lubos na sumasang-ayong na nangangahulugang napakaepektibo o madali para sa mga mag-aaral ang pagbukas at pag-*browse* ng aplikasyon sa *cellphone* o tablet. Mas mainam na accessible sa mga mag-aaral ang mga materyales na ginagamit sa pagkatuto nang sa gayon ay hind imaging mahirap sa kanila ang pagtatamo ng kaalaman mula sa naihandang materyales. Pangalawa sa ranggo ay ang hindi na kailangang mag*load* o magkaroon ng *internet connection* para magamit ito na may mean na 4.67 at standard deviation na .48 ito ay nangangahulugang napakaepektibo. Pangatlo naman sa ranggo ang madali itong i-install sa *cellphone* o *tablet na may mean na 4.53 at standard deviation na .51 na may katumbas na napakaepektibo.*

Nasa pinakamababang ranggo naman ang indikeytor 6, ang kaangkupan ng mga tunog na ginamit sa bawat tama o maling kasagutan na may mean score na 4.23 ay standard deviation na .68 na may katumbas na sumasang-ayon na nangangahulugang lubos na epektibo ang mga tunog na ginamit bilang idikasyon ng tama o maling sagot sa pagsusulit. Ang paggamit ng tunog bilang indikasyon na tama o maling sagot ay isang motibasyon ay nakakakuha ng interes sa mga mag-aaral upang lalo nilang paghusayan ang pagsagot sa bawat tanong sa pagsusulit.Pangalawa sa pinakamababa ang maayos at malinaw ang mga tunog na ginamit na may mean na 4.30 at standard deviation na .60 na may katumbas na lubos na epektibo. Pangatlo sa pinakahuling ranggo ang angkop ang aplikasyon sa anumang antas ng mag-aaral na may mean na 4.37 at standard deviation na .67 na may katumbas na interpretasyon na lubos na epektibo.

Sa kabuuan ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa kabisaan ng teknikal na aspeto ng Fil10 App. Ito ay pinatunayan ng kabuuang mean na 4.48 at standard deviation na .206 na may interpretasyong lubos na epektibo ang teknikal na aspeto ng aplikasyong nabuo ng mananaliksik.

Ang dimensyong ito ay nakakuha ng Grand Mean na 4.436 at may standard deviation na .22 na may katumbas na deskripsyong sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang ito na lubos na epektibo ang teknikal na aspeto ng aplikasyon sa paglinang ng antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Lumabas sa resulta ng sarbey na parehong positibo ang naging tugon ng mga mag-aaral sa mga indikeytor na nakasaad sa bawat kategorya . Bagaman kinuha ang tatlong pinakamababa, lumabas

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

na lubos na epektibo ang paggamit ng Fil10 App sa paglinang ng antas ng kakayahan sap ag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Hindi nakita ang kahinaan ng app, kaya nagsagawa ng interbyu.

5. Kalakasan at Kahinaan ng App

Mula sa isinagawang sarbey sa mga mag-aaral natuklasan sa kabuuan na hindi nakita ang kahinaan ng app, kaya nagsagawa ng interbyu sa isang mag-aaral may kinalaman sa kahinaan at kalakasan ng Fil10 App.

Batay sa naging kasagutan ng mga mag-aaral lumabas na kalakasan ng App ay ang hindi kinakailangan ng koneksyon para magamit ito, kombinyente at madali itong iakses may internet man o wala. Ang kahinaan ng interbensyong ito ay kakulangan ng gadget na magagamit tulad ng cellphone . Hindi lahat ng mag-aaral ay may maayos na gadyet na magagamit. Ang App ay nangangailangan ng malaking memory ng gadget at kailangang may sapat na espasyo para ma-install ito. Kakulangan ng maayos na tablet na magagagamit. Mabilis na nawawalan ng baterya ang tablet na naging dahilan ng pagkaantala ng pagbabasa.

Batay naman isinagawang interbyu sa isang guro sa Filipino. Napansin niyang limitado lamang ang nilalaman ng bawat teksto o aralin, hindi naisama ang iba pang mga gawaing maari pang magamit upang makapghatid ng pagkatuto sa mga mag-aaral .Ito ay kakikitaan lamang ng isang teksto at sampung tanong sa pag-unawa sa binasa. Hindi na naisama ang iba pang mga interaktibong gawain.

Batay naman sa naging sagot ng isang IT na mismong gumawa ng app may limitasyon ang app sa bawat email address na gagamitin . Nilimitahan lamang ito sa dalawa at hindi na maaaring makabuo kapag lumagpas dito. Ngunit maaaring gumamit ng ibang gmail account kung nais pang magdagdag o gumawa ng aplikasyon o di naman kaya ay maaaring itaas ang subskripsyon sa nasabing website na maaaring magamit din kapag mayroong nais i-*edit* sa nabuo nang aplikasyon kaya lang mayroon itong karampatang bayad o *monthly subscription.*

6. Mungkahing Programa sa Pagbasa para sa Implementasyon ng Fil10 App

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral ang mananaliksik ay bubuo ng programa sa pagbasa na makatutulong sa pag-angat ng antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral hindi lamang sa baitang 10 kundi sa lahat ng antas sa Junior High School sa paaralan. Ang programa sa Pagbasa ay ang *PROJECT PRIDE o Pag-asa Reading Intervention through Digital Literacy.* Ito ay magiging programa sa pagbasa sa Filipino na lilinang sa antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral at nakapagpukaw ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa dahil sa nilalaman, disenyo at teknikal na aspeto nito. Ito ay binuo para sa matugunan ang kasalukuyang suliranin sa literasi sa ating bansa na kung saan ang mga tekstong babasahin ay nasa isang aplikasyon na nasa tablet o cellphone. Ang mga tablet na gagamitin ay ang ipinamahagi ng LGU sa paaralan .Layunin ng programang ito na, Una, maiangat ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa antas kabiguan o mababa.Pangalawa, maipakilala ang interbensyon at mapaunlad ang digital literasi. Pangatlo, mapalalim ang pagmamahal sa pagbasa para sa mga volunteer reading teachers(stakeholders), guro at mga mag-aaral. Ang makikinabang sa programang ito ay ang mga mag-aaral mula sa baitang 7 hanggang 10 na may mababang kakayahan sa pag-unawa sa binasa o nasa antas kabiguan.

BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa kabanatang ito, inilalahad ang buod, konklusyon at rekomendasyon batay sa pagsusuri , pagpapakahulugan ng mga datos at mga rekomendasyon sa isinagawang pag-aaral batay sa natuklasan at natutuhan.

Buod

Batay sa pagsusuri sa naging resulta ng pag-aaral mula sa nalikom narito ang nabuong buod.

1.Nakita ng mananaliksik ang mababang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral batay sa isinagawang paunang pagsusulit gamit ang pagtataya mula sa Phil-IRI o Philippine Informal Reading Inventory.

2.Tumaas ang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral gamit ang Fil10 App sa isinagawang panapos na pagsusulit

3. May makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Fil10 App. Napatunayan ito batay sa isinagawang sarbey dahil sa nakuhang katumbas na lubos na epektibo, kaya masasabing epektibo ang Fil10 App sa paglinang ng antas ng kakayahan sap ag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

4. .Sinang-ayunan ng mga mag-aaral ang mga indikeytor sa pagtataya sa nilalaman ng app na nangangahulugang lubos na epektibo ang aplikasyon batay nilalaman. Kapansin-pansin din ang pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa mga nakatalang indikeytor sa pagtatayang ginawa sa disenyong ginamit ng mananaliksik sa aplikasyon. Nangangahulugangng lubos na epektibo ang disenyong ginamit .Napatunayan ding lubos na epektibo ang Fil10 app batay sa resulta ng mga indikeytor na nakatala sa pagtataya na teknikal na aspeto ng app na sinang-ayunan ng mga mag-aaral. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nagpapatunay na mahusay ang teknikal na aspeto ng Fil10 App na lubos na ikinasiya ng mga mag-aaral.

5.Lumabas sa interbyu na isinagawa sa mga mag-aaral na ang nakitang kalakasan ng App ay hindi kinakailangang magload para magamit ito, kombinyente at madali itong iakses may *internet connection* man o wala. Ang kahinaan naman ng interbensyong ito ay nakaaabala sa pagbabasa ang maya't maya at biglaang paglitaw ng mga adbertisment sa kalagitnaan ng pagbabasa na naging sanhi ng pagkawala sa pokus sa binabasa. Mapapansin ding limitado lamang ang nilalaman ng mga tekstong babasahin na maaaring mailalagay sa App dahil magkakaroon ito ng karagdagang kaukulang bayad o magtataas ng subskripsyon kung nais pang magdagdag o mag-edit.

6. Nabuo ang mungkahing programa sa pagbasa gamit ang Fil10 App na *Project PRIDE o **P**ag-asa **R**eading **I**ntervention through **D**igital **E**ngagement* na may layuning malinang ang kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga nasa mababang antas ng kakayahan sa pagbasa o antas kabiguan.

Konklusyon

Batay sa kinalabasang resulta ay nabuo ang sumusunod na konklusyon:

Mula sa mababang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa isinagawang paunang pagsusulit, ay umaangat ito gamit ang interbensyong Fil10 App batay sa isinagawang panapos na pagsusulit. Ipinapakita ng resulta na naging matagumpay ang isinagawang interbensyon sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Napatunayang may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Fil10 App.

Epektibo ang paggamit ng Fil10 App sa paglinang ng antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na sinusuportahan ng Cognitive Theory of Multimedia Learning (CTML) ni Richard Mayer na kung saan ang pagkatuto ay mas epektibong nailalahad gamit ang mga materyal mula sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

multimedia, na ang mga impormasyon ay ipinipresenta sa pamamagitan ng salita at larawan, hindi salita lamang.

May positibong kaugnayan ang nilalaman, disenyo at teknikal na aspeto ng App sa paglinang ng antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang kalakasan ng interbensyon ay ang pagiging kombinyente at madali itong i-*access*, may internet man o wala. Samantalang kahinaan naman ang biglaang paglabas ng mga adbertisment na sanhi ng pagkaabala at pagkawala sa pokus habang nagbabasa at gayundin ang limitasyon sa tekstong babasahin. Limitado lamang ang gmail account na magagamit sa pagbuo ng App at nangangailangan ng subsksripsyon upang ito ay mapaunlad pa.

Nabuo ang mungkahing programa sa pagbasa na Project PRIDE o **P**ag-asa **R**eading **I**ntervention through **D**igital **E**ngagement na may layuning malinang pa ang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Ang nakitang limitasyon ng pag-aaral ay ang pagsasagawa nito sa isang paaralan na kakikitaan ng mababang bilang ng mga kalahok. Ito ay limitado lamang sa tatlumpung (30) kalahok. Mas mainam kung pinalawak pa ang sakop ng pag-aaral at nagdagdag pa ng mga paaralang maaaring gamiting kalahok sa pag-aaral. Nagkaroon din ng kakulangan ng pagkakaiba-iba sa demograpikong profayl ng mga respondente. Ang pag-aaral ay nakatuoon lamang sa iisang grupo ng mga mag-aaral na may magkakaparehong edad, antas at paaralang kinabibilangan.Ginamit na respondente ang mga mag-aaral sa Baitang 10 na may mababang antas ng kakayahan sa pagbasa sa paaralang Pag-asa National High School batay sa isinagawang paunang pagsusulit. Hindi rin nagkaroon ng pagkakataon ng mapili ang mga kalahok sa pamamagitan ng non- probabilistic sampling dahil ginamit ng mananaliksik ang *purposive sampling technique* na naglilimita sa gagamiting kalahok sa pag-aaral.

Rekomendasyon

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, napatunayang ang nabuong Fil10 App ay naging epektibo sa paglinang ng antas ng kakayahan sap ag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral .Upang mapaunlad pa ang Fil10 App, iminumugkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon:

Una,patuloy na isagawa ng paunang pagsusulit upang malaman ang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.
Pangalawa, magsagawa ng interbensyon na makalilinang sa antas ng kasanayan sa pag-unawa sa bunasa ng mga mag-aaral.
Pangatlo, isagawa ang pahuling pagsusulit upang malaman ang kabisaan ng interbensyong ginamit.

Pang-apat, paunlarin pa ang Fil10 App batay sa nakitang kahinaan sa paggamit nito sa pamamagitan ng paglaan ng pondo ng lokal na pamahalaan o ng kagawaran ng edukasyon at nang maibigay ang kinakailangan ng mga mag-aaral partikular ang kagamitan tulad ng kompyuter o *tablet* bilang *learning resources.*

Panlima, paigtingin ng paaralan ang pagpapatupad ng mungkahing programa sa pagbasa katulad ng Project PRIDE o **P**ag-asa **R**eading **I**ntervention through **D**igital **E**ngagement upang malinang pa ang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Pang-anim, patuloy na magsagawa ang mga paaralan ng pagsasanay at worksyap sa mga guro para sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbuo ng mga digital na kagamitan sa pagtuturo.

Pampito, bumuo pa ang mga mananaliksik ng kaugnay na pag-aaral may kinalaman sa *mobile learning app* at iba pang mga *digital learning materials* upang makasabay sa makabagong paraan ng pagtuturo ng pagbasa para sa mga mag-aaral ngayong ika-21ng siglo.

Pangwalo, paigtingin ang *community involvement* para sa implementasyon ng programa sa pagbasa upang maging mulat ang mga magulang at mga *stakeholders* sa mga pamamaraang ginagamit ng guro sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Pangsiyam, patuloy na makilahok, sumuporta at makiisa ang mga mag-aaral sa mga gawaing inihahanda ng mga guro at paaralan makatutulong sa paglinang ng antas ng kakayahan sa pagbasa.

At panghuli, para sa susunod na mananaliksik, na magsagawa pa ng katulad na pag-aaral sa mas malawak na populasyon gamit ang probabilistic sampling.

MGA SANGGUNIAN

1. *Aguiflor, D. (2019).Paggamit ng wikabulary game sa pagpapaunlad ng talasalitaan ng mga magaaral. LSPU - Santa. Cruz, Laguna.*
2. *Blanca, G. (2021) Epekto ng Teknolohiya sa Pagkaunawa sa Bokabularyong Filipino ng mga Mag-aaral sa Baitang 7-Daisy sa*
3. *Mataas na Pambansang Paaralan ng Alitagtag*
4. *Backfisch, I. et. Al. (2021). Variability of teachers' technology integration in the classroom: A matter of utility! Computers & Education,*
5. *6104159.https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S0360131521000361*
6. *Blanca, G. (2021) Epekto ng Teknolohiya sa Pagkaunawa sa Bokabularyong Filipino ng mga Mag-aaral sa Baitang 7-Daisy sa*
7. *Mataas na Pambansang Paaralan ng Alitagtag*
8. *Bernales, R. (2009). Pagbasa, Pagsulat, Pananaliksik: Batayan at Sanayang Aklat sa Filipino 2, Antas-Tersyarya. Potrero, Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.*
9. *Canales, M. et. Al. (Marso, 2024).Pananaw sa Epekto ng Kalidad ng Silid-aralan sa mga Kolehiyo ng Cataingan. Researchgate Publication*
10. *Cavan, Wilfredo, Jr. S.,(2021) Ang Tagapamagitang Epekto ng Teknolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto sa ugnayan ng Kahandaan sa Pagsanib ng ICT at Kognitibong Pagganap ng mga Guro*
11. *Ceyhan, S., & Yıldız, M. (2021). The Effect of Interactive Reading Aloud on Student Reading Comprehension, Reading Motivation and Reading Fluency. International Electronic Journal of Elementary Education, 13(4). Retrieve*
12. *https://iejee.com/index.php/IEJEE/article/view/1258*
13. *Course Hero, Inc. (2021). Ang isang mambabasa ay gumagamit ng kanyang kaalaman .*
14. *https://www.coursehero.comfile/p99vco/ang-isang mambabasa-ay gumagamit-ng-kanyang-kaalaman-sa-wika-at-mga-sariling/.*
15. *Felipe , Cecille S. (2022). Government Urged to Boost Reading Proficiency, Philippine Star, November 27, 2022.*
16. *Garcia, Danilo P. (2021) , Nangunguna sa Paggamit ng Social Media. Pilipino Star Ngayon.Screens, and tablets: Does tablet familiarity Matter?.Journal of Computers in Education.Volume 1,pages 213-255,*
17. *Jiang, M.at Liou, H. (2022) . Mobile Assisted Academic Vocabulary Learning Taiwan Journal of TESOL, v19 n2 p1-28 2022.*
18. *Juancho, Cheryl J. (2021).Makabagong Paraan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino, Pagtataya sa Teknolohika, Pedgohikal at Kaalamang Pangnilalaman. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development Vol. 9 No. 1, 1-11*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

19. *Kacetil, J. at Klimova, B., (2019)Language Learning-A Challenge for foreign Language Education.Department of Applied Linguistics , Faculty of Informatics ang Management, University of Hradec Kralove, Rokitanskeho 62,500 03 Hradec*
20. *Kralove Czech Republic.*
21. *Mandado, J.O. (2020). Ang Penomenong Awiting Visayan Popular o (VisPop) sa Kabatang Sebwano at ilang usaping wika at kultura. American Journal of humanities and social sciences research. Volume-4,*
22. *Orobia, Julie Ann (2022) ,Pag-unlad ng Interes sa Filipino Gamit ang Video-assisted Discussion (MVAD) sa Birtuwal na Espasyo sa Bagong Normal, Vol. 20 (2022) Asia Pacific Journal of Social and Behavioral Sciences- Special Edition*
23. *Petilo, J at Saenz, C, (2024). "Modular Distance Learning Modality: Its Effect on Reading and Comprehension Skills of Grade II Pupils in Mantagbac Elementary School," International Journal of Research and Scientific Innovation, International Journal of Research and Scientific Innovation (IJRSI), vol. 11(4), pages 143-155, April.*
24. *Saul, A.J.G. et al. (2020) na Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. Asia Pacific Higher Education Research Journal.Volume 7, Issue 1.pp.41-45.*
25. *Quimoyog, Dwain Allen B (2019).Paglinang ng Komprehensyon sa pagbasa ng Wattpad ng mga Mag-aaral sa Ikaapat na Baitang ng Paaralang Elementarya ng Buhay na Tubig sa Pamamagitan ng Story Grammar. Vol. 3 No. 2C(2019):Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts.*
26. *Quintino, H. at Abagon, B.(2021). Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Baitang 8 ng Mataas na Paaralan ng Subic. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 5(6),463-472.*
27. *Shofi, A. T., & Wardatul Jannah. (2022). Developing Mobile Learning Applications as Instructional Media for Reading Comprehension . Al-Lisan: Jurnal Bahasa (e-Journal), 7(2), 198–224. https://doi.org/10.30603/al.v7i2.2739.*
28. *Sultera , Felipe Jr. (2020), Lawak ng Pagpapahalaga ng mga Estudyante sa asignaturang Filipino kaugnay ng kanilang akdemikong performans, Researchgate.net*
29. *Tajinan, D. (2023). Efforts to Effectiveness of PQRST Method in Reading Reading Text Comprehension in Indonesian Language Subject for Grade VISemester I of State Elementary School 1 Tangkilsari, Tajinan District, Malang Regency in Journal of Learning and Educational Research, 3(2), 168–176.https://doi.org/10.28926/jprp.v3i2.840.*
30. *Varona, Fe A., Mandado, Juliet O. (2020). Ang Kasanayang Pasalita Gamit ang Kagamitang Multimidya sa Antas Tersyarya ,American Journal of Humanities and Social Sciences Research. Volume-4, Issue-12, pp-180-186*
31. *Zurita, G., Baloian, N., Peñafiel, S., & Jerez, O. (2019). Applying Pedagogical Usability for Designing a Mobile Learning Application that Support Reading Comprehension. Proceedings, https://doi.org/10. 3390/proceedings2019031006*